# Outstanding employees sa QC, pararangalan ni Mayor Joy B

Kikilalanin at pararangalan ng Quezon City government ang mga empleyado ng city hall na matagal ng naglilingkod sa lokal na pamahalaan at naging tapat at masipag sa pagtupad sa kanilang tungkulin.

Ito ay sinabi ni QC Mayor Joy Belmonte sa kauna-unahan niyang araw sa trabaho bilang alkalde sa ginanap na flag raising ceremony kahapon sa harap ng libu-libong tauhan ng city hall, mga konsehal, department heads, QC Police at iba pa.

"My advocacy is good governance at isa sa gagawin natin ay bigyang parangal ang mga outstanding employees natin, meron din dito na may ilang taon nang nagtatrabaho pero hindi pa permanent at mayroon naman na tatlong buwan pa lamang ay permanent na. Aayusin po natin yan," pahayag ni Belmonte.

Niliwanag din ni Belmonte na walang magaganap na pagtatanggal ng mga tauhan ng QC hall pero hindi siya mangingiming alisin ang mga naging korap sa posisyon.

" I will file case sa mga corrupt building official, matakot na kayo. Tatlong tao ang lumapit at nagreklamo sa akin na kumuha ng building permit, nagbigay na daw sila ng lagay pero after 2 yrs pa nila nakuha ang building permit. Im not afraid to divulge your name, I will put you to shame If you bring shame to QC" pahayag ni Belmonte.

Kaugnay nito, hiniling din ni Belmonte sa mga tauhan sa QC hall ng pagkakaisa .

"Continue to support me, ako ay bukas na lingkod bayan, Wala ng plastic. We are all the same pantay pantay tayo, lahat tayo ay mga empleado. Many have serve greater than me .We appreciate for what are you doing, make sure that everybody happy and has pride. Let's start a new administration, burahin ang nega. We are not partisan. We are just one big happy family, "pahayag pa ni Belmonte. *(Angie dela Cruz)*